PAKSA: Ano sa kalikasan ang aking kayang pangalagaan?

# GULAYAN KLASRUM

ni Bagong Sibol

ISA SA MGA PAARALANG NARATING KO ay ang aming halamanan. Ang aking mga naging babasahi't aralin at saligang-aklat ay pawang hindi nakalimbag ni nakasulat, subalit malaman, makabuluhan, mapagpangaral; kahit walang titik ay mawawatasan; kahit walang tinig ay mauunawaan; at kahit walang gurong taga-subaybay ay matututunan.

Noon ay mayroong isang bakanteng lupa sa aming likod-bahay. At imbis na matigang mag-isa at hindi mapakinabangan ang munting loteng iyon ay naging halamanan na lang ng aming pamilya. Pero hindi ko siguro pwedeng sabihing 'naging halamanan' na lang. Hindi lang naman ito isang simpleng taniman ng sari-saring prutas at gulay. Bukod sa'min ay marami rin sa mga kapit-bahay namin ang lubos na nakikinabang dito. Higit lalo, ito ay isang halamanang magiting na nakatirik sa maingay at magulo at mausok na Kalakhang Maynila.

Sinong nagsabing ang magsasaka lang ang maaaring magtanim at sa bukid lang ito pwedeng gawin? Kung tutuusin, hindi hadlang ang ating kinaroroonan sa pagsusulong ng isang maayos, malinis at luntiang komunidad. Gamit ang likas na pagiging mapamaraan, malikhain at inobatibo ng aking Tatay, lumikha siya sa aming bakuran ng isang halamanang bagamat simple ay mayabong naman. At sa kabila ng lilmitado't minimal nitong espasyo ay nagawa niya ditong makapagpatubo ng mga talbos ng kamote, patola, sili, kundol, malunggay, ampalaya, alugbati, kangkong, oregano, puno ng bayabas at aratiles at marami pang iba.

Ang lubos na nakatutuwa dito, hindi gumagamit ang Tatay ng mga kemikal sa pagpapayabong ng mga ipinunlang binhi. Ang lahat ng proseso ay sa pamamagitan ng natural na pamamaraan, kaya't ang pagtatanim ay hindi makapagpa-aruy-bulsa. Ang mga patabang

inilalahog niya sa lupa upang maging fertile ito ay mga tuyong dahon, balat ng prutas, bulok na gulay at kung minsan ay dumi ng hayop. Dahil dito, ang mga halamang umuusbong ay higit na masustansiya at sariwang-sariwa.

Napakaraming benepisyo ang nakukuha namin sa pagtatanim sa bakuran. Nagagamit na namin ang aming oras sa mga makabuluhang bagay, napapawi rin ang aming stress at negatibong enerhiya. Isa pa, marami sa mga kapit-bahay namin ang hinahanap-hanap ang sariwa at bagong pitas naming gulay. Kaya bukod sa pagiging isang libangan ay naging hanap-buhay na rin namin ito (bagamat hindi tuwiran dahil ang ilan ay nakakalibre sa galing mambola habang ang iba'y T.Y. na lang kesyo kakilala). Kumikita na kami, nakakatipid pa ang aming pamilya sa mga gastusin sa pagkain. Sapagkat ang kangkong na malimit i-adobo, dahon ng ampalayang parating hinahalo sa munggo, at patolang madalas ihalo sa miswa ang siya naming inuulam kung minsan sa tanghalia't hapunan. At wala kming karekla-reklamo dito dahil masarap ngang ihain sa hapag ang mga gulay sa'ming bakuran ( huwag nga lang isasaisip habang ngumunguya ang mga bulok na prutas at gulay at dumi ng hayop na ginamit bilang pataba). Malusog na'ng katawan namin, ang aming bulsa'y malusog din. Ito'y dahil sa gulayan namin.

Dati, tuwing umaga habang 'nahihimbing' pa ang kawan ng mga lumulutang na bangaw sa hangin, madalas ay kinakamusta ko (na parang sira-ulo bagamat patago) ang mga halaman sa'ming bakuran samantalang sila'y tila mga munting batang tahimik din namang nakikinig sa'kin. Ako parati ang nagdidilig sa kanila. Marahan ko silang sinasabuya't binabasa ng sariwang tubig hanggang sa lalo pang tumingkad ang taglay nilang kaluntian. Malimit ko rin silang haplusi't handugan ng kalinga't pagmamahal. Kung wala naman akong ginagawa'y sa kanila ang tuloy ko upang makalasap ng katahimikan mula sa maghapong pakikipagbuno sa kapalaran. Ang hindi ko alam, simula't sapul, ang kada-araw kong pagbisita sa'ming gulayan ay kada-araw din palang edukasyong impormal. Nitong huli ko lang napagtantong sa bawat dilig at

kalinga't pagmamahal na inaalay namin sa kanila, kami pala ang siyang lubos na dinidilig at kinakalinga't minamahal nila noong una pa lang. At ganu'n nga ang gulayan namin—isang metapora ng mutualismong ugnayan ng tao't kalikasan.

Namangha talaga ako sa nadiskubre kong ito. Mula noon ay inari kong lihim sa'king puso ang bagong tuklas na paraisong ito, ang matalinhaga't mabugtong na 'paaralang' ito.

Ang edukasyon—sa tunay at buong kahulugan nito—ay sumasakop sa iba't ibang uri ng karunungan. Halimbawa na nito'y ang kaalaman sa aklat, gayon din—at marahil itong pangalawa'y matimbang din gaya ng una—ang kaalaman sa puso't karanasan. Ito ang klase ng kaalama't kabatirang natatamo sa mga paaralang walang gusali't kaguruan. Sa mga di-nakikitang klasrum na siyang humuhubog sa'tin sa iba't ibang aspeto nang di namamalayan. Kasabay sa paglalakbay tungo sa pagtuklas nang hindi sinasadya.

At ito'ng mayroon ako ngayon.

Ang gulayan namin ang siyang nanindigang mga buhay na guro't aklat ko dito sa'king 'paaralan.' Tinuruan niya akong ibigin ang aking kapaligiran, maging maka-kalikasan: isang payak na simula na siyang pinag-ugatan ng higit kong pagtatangi sa'king lahi at sa kalinangan ng aking pamayanan. Pinayabong niya ako. Inilaan niya sa akin ang isang uri ng edukasyong bagamat kakat'wa, kakaiba't Malaya ay siya namang nagpalalim ng aking pagkatao't nagpa-unlad ng kakayahan kong magsuri't magpahalaga. At higit sa lahat, nagmulat sa'king isip sa mga tungkuli't pananagutan ko bilang tao sa kalikasan.

Lingid sa ating kaalaman na ang bansang Pilipinas—tarangkahan ng mahiwagang silangan, tahanan ng likas na kagandahan—ay tuwirang apektado ng sari-saring penomena at suliraning pangkapaligiran sa kasalukuyan. Lalo pa't sa lokasyon nitong nasa dibdib ng tahimik gayunding mabalasik na karagatan, at bukas sa mga alburuto't pagyanig ng lupa. Hindi malayong lumubog na bigla at mabura sa mapa ng mundo kung nagkataon ang ating bayan sa paglipas ng panahon. Isang posibilidad na nilalaro't pina-iigting ng patuloy na pag-iral ng

kawalang-malasakit, pagiging abusado't masalimuot na pagkukulang ng bawat mamamayan. Ng mga taong walang keber sa pagtatambak ng basura sa harap ng karatulang BAWAL MAGTAPON DITO. Ng mga 'tadong nagbabawas sa Aso-Lang-Ang-Umiihi-Dito na poste't pook.

Totoo, masakit tanggapin ang trahedya't kapaitang idinudulot ng kalikasan sa tuwing ito'y nag-aanyong isang walang awa't mabagsik na halimaw sa panahon ng kalamidad. Subalit mas mahirap at nakahihiring lunukin ang realidad na ang tao (sa pamumulaklak ng kanyang dunong), higit lalo ang kabataan (sa pag-usbong ng kulturang G.M., touchscreen, farmville at assignment na copy-paste) ay tila ba naghuhunos ng isang makabago ngunit iresponsable't pabayang kaanyuan. Nagbibihis ng pagkalimot sa kanyang tungkulin bilang tagapag-ingat at tagapaglinang nitong hiram na tirahang kaloob ng Maykapal.

Bigla ko tuloy naalala ang Manila Bay. Nagtungo kami dati doon bilang mga CWTS volunteer para sa isang malawakang clean-up drive na kinalalahukan ng iba't ibang unibersidad sa Maynila. Umusli talaga ang mga mata ko nang masipat ang sitwasyon doon: isang dalampasigan ng bulto-bultong basura ang pumapalibot sa look. Na syempre pa'y kaniigan ang masangsang—napakasangsang—at nakapanlulumo nitong 'halimuyak' na umaangkas sa maalinsangang hangin ng umagang iyon. Yuuuck! Eeew! Uuugh! ang bukambibig ng karamihan. Pandidiri ang nakapinta sa mukha ng ilan habang isinasako ang nagsabog na mga diaper at napking may langib, bondage na may nana, at basyo ng de-lata't instant noodles. Subalit sa'king utak ay iba ang kumakatok. Habang pinagmamasdan ko ang kaysaklap na anyubog ng Manila Bay na akala mo'y minaltrato't tinortyur. Naisip ko, may magagawa pa kaya tayo upang baguhin ang laganap na kalugmukang ito? Baka naman wala na? Malala na ang suliranin nating ito sa kalikasan. May lunas pa kaya?

Mayroon. Nasa atin ang solusyon.

Naniniwala akong sa pamamagitan ng determinasyon, wastong disiplina't motibasyon ay magagawa pa nating sagipin ang Inang Daigdig sa tuluyan nitong pagkasira. Aksyon ang

kailangan, hindi ‘pagngawa.’ Pakikiisa sa puso’t diwa at hindi sa dila. Sanhi ang ginagamot, hindi ang bunga. Tao ang may gawa ng problema kaya tao rin ang maglulutas. Sapagkat sa pagpapasiya ng tao nakasalalay ang bukas.

SA NGAYON, WALA na ang aming gulayan. Pagkakataon na mismo ang nagwalay sa’kin sa pinakatatangi kong ‘paaralan’ matapos naming maglipat-bahay ilang taon na ang nakakaraan. Subalit habang buhay ko pa rin itong tataglayin sa’king ubod. Hindi nito kasamang mamamatay ang alaala’t impluwensiyang nilikha nito sa’kin upang pithayain kong maging gaya ng Tatay—sa kanyang dedikasyo’t pagpupunyaging mapalunti ang aming komunidad—dahil na rin sa tradisyon ng pagkalinga’t pagmamahal sa kapaligiran na aking nasaksihan sa kanya. Bitbit ko pa rin kahit saan ang mga gintong butil na aking napulot. Lalo na dahil sa dami ng taong inilagi ko dito, ngayon ko napaglimi na sumaaakin nang ganap ang ‘paaralan.’ Nakalimbag na ito sa’king kaluluwa at higit itong matibay kaysa sa aking inaakala. Nasa akin na ang ‘paaralan’ at patuloy ko itong payayabungi’t ihahandog sa ibang tao bilang pagtugon sa hamon ng aking panahon na maging bahagi ng pagbabago’t pagsulong.

**Lahat sa kalikasan ay kaya ko, kaya nating pangalagaan.**

At upang tupdin ito, aking napagtanto na hindi pala kailangang maging Hero of the Year ni maging isang bantog na lider ng kung anong sibikong pangkat-pangkalikasan. Sapagkat ang pangangalaga ng kapaligiran—lahat ng lalamanin nito, saanmang pook, anumang anyo—ay hindi lang naman ang pag-alam at pagsasagawa ng tunay kahulugan at esensiya nito. Kundi ang pagbabahagi rin sa kapwa—puso sa puso—ng inspirasyo’t inisyatibong ingata’t protektahan ang Inang Kalikasan hanggang sa susunod na dantaon. Ito ang pinakamahalagang leksyong aking natutunan sa ‘pinagtapusan’ kong Gulayan Klasrum.